ESTADO NG WASHINGTON
TANGGAPAN NG MGA ADMINISTRATIBONG PAGDINIG

| | |
|---|---|
| Patungkol kina:<br><br>Pangalan ng Umaapela,<br>Uri ng Umaapela<br><br>Pangalan ng Tumutugon,<br>Uri ng Tutugon | Num. ng Docket Numero ng Kaso<br><br>ABISO SA PAGDINIG (MOD) (NOTICE OF HEARING (MOD))<br><br>Ahensya: Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan<br>Dibisyon ng Pagsuporta sa Anak (Division of Child Support, DCS)<br>(Division of Child Support (DCS))<br>Programa: Pangalan ng Programa<br>D # |

Natanggap ng Dibisyon ng Pagsuporta sa Anak (DCS) ang nakalakip na kahilingan para sa pagdinig noong Petsa.

GAGANAPIN ANG IYONG PAGDINIG SA
Petsa: Ang petsa ng pagdinig
Oras: Ang oras ng pagdinig Pacific Time o sa lalong madaling panahon pagkalipas ng oras na iyon kapag may available na Administratibong Hukom ng Batas.
Paano: CONFERENCE CALL SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Isasagawa ang iyong pagdinig sa pamamagitan ng telepono. Bago ang iyong pagdinig, dapat kang mag-check in para makapagbigay ng numero ng telepono kung saan ka puwedeng makaugnayan para sa pagdinig. Puwede kang mag-check in online sa aming website (www.oah.wa.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH) sa 1-800-583-8271. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Kinatawan ng DCS sa iyong numero sa petsa at oras na nakasaad sa itaas. Kailangan mong magbigay sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig ng numero ng telepono kung saan ka puwedeng makaugnayan para sa pagdinig, o puwedeng maglagay ng default. Paki-disable ang anumang feature sa pag-block ng tawag sa iyong telepono. Tingnan ang Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 34.05.440(2). Kung hindi ka haharap, posibleng mawala ang iyong karapatan sa pagdinig. Kung gusto mong makatanggap ng mga paalala sa text o email tungkol sa iyong pagdinig, makipag-ugnayan sa Call Center sa 1-800-583-8271.

Tawagan kaagad ang Kinatawan ng DCS kung kailangan mong baguhin ang oras o petsa ng iyong pagdinig. Ang Administratibong Hukom ng Batas ang tutukoy kung mayroon kang katanggap-tanggap na dahilan para baguhin ang oras o petsa.

Kung ikaw ay nakakulong sa isang Pasilidad ng Koreksyon, makipag-ugnayan sa iyong tagapayo o sa tao kung kanino ka nag-uulat sa pasilidad bago ang petsa ng pagdinig para maisaayos ang paglahok sa isang pagdinig sa pamamagitan ng telepono.

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

Pakibasa ang nakalakip na Buod ng Mga Karapatan sa Pagdinig para malaman ang iyong mga karapatan, ang dadalhin, at ang proseso ng mga pagdinig. Ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa proseso ng pagdinig ay makikita sa website ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig sa www.oah.wa.gov. Ang mga baril at iba pang mapanganib na sandata ay ipinagbabawal sa mga pagdinig na isinasagawa sa personal at sa lahat ng opisina ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig. Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 10-20-010.

**Sabihin KAAGAD sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig kung magbabago ang iyong address o numero ng telepono.** Kung kailangan, posible kaming magpadala sa iyo ng mga abiso at iba pang liham tungkol sa pagdinig.

**Bago magsumite ng anumang dokumento, mangyaring suriin at punan ang nakalakip na Deklarasyon ng Kumpidensyal na Impormasyon at isumite ito kasama ng iyong mga dokumento. Kailangan mong alisin o i-redact (i-black out) ang anumang impormasyon na ayaw mong maibahagi sa iba pang magulang, panig sa kaso, at/o kanilang kinatawan. HINDI MAGRE-REDACT ANG OAH NG ANUMANG IMPORMASYON PARA SA IYO AT POSIBLENG TANGGIHAN ANG IYONG MGA DOKUMENTO.**

| |
|---|
| Maliban na lang kung iba ang kautusan ng Administratibong Hukom ng Batas (Administrative Law Judge, ALJ), dapat mong isumite ang lahat ng dokumento o exhibit na gusto mong maipakita sa Administratibong Hukom ng Batas kahit limang araw ng negosyo man lang bago ang pagdinig. Hindi tumatanggap ang OAH ng mga dokumentong may laki na 2.0 giga bites (GB) o higit pa. Tatanggihan ng OAH ang anumang dokumento na 2.0 GB o higit pa. Tumatanggap ang OAH ng mga video na exhibit sa mga sumusunod na format: .mp4, .avi, .mpg, .mpeg. Tatanggihan ng OAH ang mga video na exhibit na isusumite sa anumang iba pang format. Tumatanggap ang OAH ng mga audio na exhibit sa sumusunod na format: .mp3. Tatanggihan ng OAH ang mga audio na exhibit na isusumite sa anumang iba pang format. |

INIAHIN sa petsa ng pagpapadala, na nakatatak sa itaas.

| | |
|---|---|
| Legal na Awtoridad: | RCW 74.20A.059, WAC 388-14A-3925, at kabanata 388-02 WAC |
| Nakalakip: | Kahilingan para sa Pagdinig |
| Kasama: | Buod ng Mga Karapatan sa Pagdinig |

Kinatawan ng DCS
Pangalan ng Kinatawan ng Ahensya
Address ng Kinatawan ng Ahensya

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

DEKLARASYON NG SERBISYO (DECLARATION OF SERVICE)

Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa ng perjury sa ilalim ng mga batas ng Estado ng Washington na ngayong araw na ito, ibinigay ko ang dokumentong ito sa bawat isa sa mga panig na nakalista sa ibaba. Nagpadala ako ng kopya sa mga panig sa kanilang mga nakatalang address gamit ang Consolidated Mail Services, U.S. Mail, o secure na email.

Listahan ng lahat ng pinadalhan ng Abiso ng Pagdinig na ito.

Pinetsahan Ang petsa kung kailan ipinadala ang Abiso sa Pagdinig sa Lungsod, Washington.
(PETSA NG PAGPAPADALA)

________________________________________

Kinatawan
Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig

HALIMBAWA

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**